Per quem maiestátem tuam laudant Angeli, adórant Dominatiónes, tremunt Potestátes. Cæli cælorúmque Virtútes, ac beáta Séraphim, sócia exsultatióne concélebrant. Cum quibus et nostras voces ut admítti iúbeas, deprecámur, súpplici confessióne dicéntes: — **Sanctus, Sanctus, Sanctus…**

Kaya sa pamamagitan niya, ang makapal na mga anghel sa kalangitan, nagpupuri kasama ng mga Dominasyon at Potesdad ay nagpupuri at sumasamba sa iyong kamahalan. Ang mga hukbo ng langit at ang mga Virtud at ang mga pinagpalang Serapin ay kaisa nilang nagpupuri sa Iyo. Kaya kasama nila ay ipinagbubunyi naming walang humpay ang iyong kaluwalhatian: — **Santo, Santo, Santo Panginoong Diyos ng mga hukbo…**

### Antipona sa Komunyon

**Beata** viscera Maríæ Vírginis, quæ portavérunt ætérni Patris Fílium, (allelúia.)

**Mapalad** ang sinapupunan ng Mahal na Birhen, yamang dinala niya ang walang hanggang Anak ng Ama, (aleluya.)

### Panalangin Matapos ang Komunyon

**Sumptis,** Domine, salutis nostræ subsidiis: da, quæsumus, beatæ Mariæ semper Virginis patrociniis nos ubique protegi; in cujus veneration hæc tuæ obtulimus majestati. Per Dominum.

**Kaming** tumanggap ng mga tulong para sa aming kaligtasan, Panginoon, ay lagi kaming ipagtanggol pakundangan kay Santa Mariang laging Birhen, alang-alang sa kaniyang karangala'y inialay ang mga handog na ito sa Iyong kamahalan. Alang-alang sa Anak Mo, si Jesucristong Panginoon namin...



*Setyembre 24*




# ANG PAGPAPANAOG NG MAHAL NA VIRGEN DE LA MERCED (Ina ng Awa)

*Misa "Salve"*

• *II cl.* • *Doble II cl.* • *Puti*

### Pambungad na Antipona • *Sedulius*

**Salve** sancta Parens, eníxa puérpera Regem: qui coelum terrámque regit in sǽcula sæculórum. — *Ps 44:2* Eructávit cor meum verbum bonum: dico ego ópera mea Regi *V.* Gloria Patri. Salve.

**Maligayang** bati sa'yo, O banal na Ina. Isinilang mo ang Haring namumuno sa langit at lupa magpakailanman. — *Salmo 44:2* Nag-uumapaw ang aking puso sa magagandang pangungusap, habang umaawit ako ng ng isang tula sa Hari. *V.* Luwalhati sa Ama. — Maligayang bati...

▪ *Aawitin ang* Gloria in Excelsis Deo (Luwalhati sa Diyos)

### PANALANGIN SA MISA (KOLEKTA)

**DEUS,** qui per gloriosissimam Filii tui Matrem, ad liberandos Christi fideles a potestate Paganorum, nova Ecclesiam tuam prole amplificare dignatus es: praesta, quaesumus, ut quam pie veneramur tanti operis Institutricem, eius pariter meritis et intercessione, a peccatis omnibus, et captiviate daeomnis liberemur. Per eundem Dominum.

**O DIOS,** sa pamamagitan ng maluwalhating Ina ng iyong Anak, pinalaya mo ang mga binyagan mula sa kamay ng mga 'di sumasampalataya sa Iyo, at pinagyaman mo ang iyong Simbahan ng bagong mga supling. Ipagkaloob Mong kaming ipinagdiriwang si Maria bilang tagapagtatag ng dakilang gawaing ito, pakundangan sa kaniya'y mahango kami sa pagkalugmok sa kasalanan at mula sa bihag ng demonyo. Sa pamamagitan pa rin ni Jesucristong Panginoon namin...

### PAGBASA • *Sir 24:14-16*

Pagbasa mula sa Aklat ng Karunungan.

**MULA** pa noong una't bago pa magkapanahon, nilikha na Niya ako, at ako'y mananatili magpakailanmapaman: upang maglingkod sa kaniya sa banal na Tolda sa kaniyang harapan, at sa Sion, doon itinayo ang aking pahingahan. Kaya't sa lungsod na iyon, ako'y pinatira Niya doon, at ang Jerusalem ang puso ng aking kaharian. Nag-ugat ako sa bayang itinatangi ng Diyos, ang Kaniyang pamana: at ang aking pahingahan ay matatagpuan sa tanang pagtitipon ng mga Banal.
— *R.* **Salamat sa Dios.**

### PANINGIT NA AWIT (GRADUAL)

**BENEDICTA** et venerábilis es, Virgo María: quæ sine tactu pudóris invénta es Mater Salvatóris.
*V.* Virgo Dei Génitrix, quem totus non capit orbis, in tua se clausit víscera factus homo.

**PINAGPALA KA'T** karapat-dapat igalang, O Birheng Maria! 'Di ka narungisan ng anumang sala; kaya't marapat kang naging Ina ng Manliligtas.
*V.* Birheng Ina ng Poong D'yos, dinala mo at kinupkop nang taimtim at mataos ang di kayang isaloob nitong buong sansinukob.

**Allelúia, allelúia.** *V.* Post partum, Virgo, invioláta permansísti: Dei Génetrix, intercéde pro nobis. **Alleluia.**

**Aleluya, aleluya!** *V.* Pagkapanganak mo'y nanatili kang Birheng di-narungisan: Ina ng Diyos, ipamagitan mo kami. **Aleluya.**

### EBANGHELYO • *Lc 11:27-28*

Ang pagpapatuloy ng Ebanghelyo ayon kay San Lucas.

**NOONG PANAHONG IYON:** Habang nagsasalita si Jesus, may isang babaing sumigaw mula sa karamihan, "Pinagpala ang babaing nagbuntis at nag-alaga sa iyo." Ngunit sumagot siya, "Higit na pinagpala ang mga nakikinig sa salita ng Diyos at tumutupad nito!" — *R.* **Pinupuri ka namin, Panginoong Jesucristo.**

▪ *May* Credo *o* Sumasampalatya.

### ANTIPONA SA PAG-AALAY

**BEATA** es, Virgo Maria, quæ omnium portasti Creatorem: genuisti qui te fecit, et in æternum permanes Virgo, (allelúia.)

**PINAGPALA KA,** O Birheng Maria: dinala mo sa iyong sinapupunan ang Maylikha ng tanan. Iniluwal mo ang Iyong manlilikha, at nanatili kang birhen kailanman, (aleluya.)

### PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY

**TUA,** Dómine, propitiatióne, et beátæ Vírginis et Matris Maríæ intercessióne, ad perpétuam atque præséntem hæc oblátio nobis profíciat prosperitátem et pacem. Per Dóminum.

**PANGINOON,** sa Iyong awa at sa pagdalangin ng Mahal na Birheng Maria, ang mga handog na iniaalay sa Iyo ay maging aming kapakanan at kapayapaan ngayon at sa buhay sa kabila. Alang-alang sa Anak Mo, si Jesucristong Panginoon namin...

### PREPASYO NG MAHAL NA BIRHENG MARIA

**VERE DIGNUM** et iustum est, æquum et salutáre, nos tibi semper et ubique grátias ágere: Dómine sancte, Pater omnipotens et aeterne Deus: Et te in *Descensione* beátæ Maríæ semper Vírginis collaudáre, benedícere et prædicáre.

**TUNAY NGANG MARAPAT** at matuwid, angkop at nakakagaling, sa lahat ng dako at sandali, na magpasalamat kaming lagi sa iyo, Amang banal, Diyos na makapangyarihan at walang-hanggan: At sa araw na ito ng *Pagpanaog* ng Mahal na Birhen ay nagpupuri kami at nagbubunyi sa iyo.

Quæ et Unigénitum tuum Sancti Spíritus obumbratióne concépit, et, virginitátis glória permanénte, lumen ætérnum mundo effúdit, Iesum Christum Dóminum nostrum.

Sapagkat ipinaglihi niya ang Anak mong Bugtong, lalang ng Espiritu Santo at di nawala ang kanyang pagkabirhen nang isilang sya, ang aming Panginoong Jesucristo, liwanag na walang hanggan ng daigdig.